

がん検診等のお知らせ

川崎市では、川崎市民を対象にがんの早期発見を目的とした検診を行っており、対象者は比較的安い費用で受診できます。

会社の健康診断や40歳以上の特定健康診査とは別の制度で、年間を通じて実施しています。会社による健診にがん検診(胃・肺・大腸・子宮・乳房の検査)が含まれていない場合や、被保険者ご家族でがん検診を受ける機会のない方はぜひ市のがん検診を利用してください。

★受診券はありません。


次のいずれかに該当する方は無料です。

①70歳以上の方(年度内に70歳となる方を含む)

②市・県民税非課税世帯の方、生活保護受給者の方、中国残留邦人等支援給付受給世帯の方

※受診時に証明書の提示が必要となります。

受診までの流れ



検診名	対象者	受診回数	内容	費用
●肺がん	40歳以上の市民	年度に1回 (胃がん胃部エックス線検査は、前年度に胃内視鏡検査を受診していない方)	問診、胸部エックス線検査 *かく痰検査は必要な場合のみ実施	900円 *かく痰検査+200円
●大腸がん			問診、免疫便潜血検査	700円
●胃がん			問診、胃部エックス線検査	2,500円
●子宮がん	20歳以上の女性市民	2年度に1回 (前年度に受診していない方)	問診、視診、内診、頸部の細胞診 *子宮体部の細胞診は必要な場合のみ実施	1,000円 *体部の細胞診+800円
●乳がん	40歳以上の女性市民		問診、マンモグラフィ検査	1,000円
●骨粗しょう症	満年齢40・45・50・55・60・65・70歳の女性市民 (受診日に満年齢であること)	満年齢時に1回	問診、骨量測定 (医療機関によって測定方法が異なります)	超音波法600円 MD法・SXA法・pQCT法等700円 DXA法による腰椎測定1,100円

※年齢は、年度内に対象年齢となる方を含みます。

※検診では、がんがあるのに見つけられない場合もあります。気になる症状がある場合には、早めに医療機関を受診してください。

Abiso ukol sa pagsusuri sa cancer, at iba pa

Upang matuklasan nang maaga ang pagkakaroon ng sakit na cancer, isinasagawa ng siyudad ng Kawasaki ang medical exam para sa mga residente ng Kawasaki, kung saan maaaring tumanggap ng pagsusuri sa medyo mababang halaga o gastos.

Ang sistemang ito ay hiwalay sa health exam ng kompanya o specific health checkup para sa mga taong nasa 40 taong-gulang at higit pa, at isinasagawa ito sa buong taon. Kung hindi sakop sa health exam ng kompanya ang pagsusuri sa cancer (para sa cancer sa tiyan, baga, malaking bituka, uterus at suso) o kapag ang pamilya ng miyembro ng seguro ay walang oportunidad na makapagpasuri, hinihikayat na gamitin ang pagkakataong ito para gawin ang cancer screening na isinasagawa ng siyudad.

★ Walang consultation coupon.

Libre ang pagsusuri para sa mga nasasakop sa alinman sa sumusunod:

① Nasa 70 taong-gulang o higit pa (kasali ang mga sasapit sa 70 taong-gulang sa loob ng taon)

② Mga sambahayan exempted sa pagbayad ng city / prefectural tax, mga tumatanggap ng livelihood assistance at mga sambahayan tumatanggap ng support benefits tulad mga Hapon na naiwanan sa China sanhi ng digmaan, at iba pa.

* Kailangang ipakita ang isang certificate sa oras ng konsultasyon.

Daloy hanggang sa pagsusuri

1. Pumili ng pagamutan

Piliin ang pagamutan na nais gamitin sa pagsusuri mula sa listahan ng pagamutang nakarehistro.

(Para sa nakarenistrong pagamutan, hanapin ang keywords na "pagsusuri sa cancer" sa website ng siyudad o gamitin ang QR code sa itaas.)



2. Magpareserba/sumangguni

Magpareserba o sumangguni sa telepono sa pagamutan na kung saan nais magpasuri. Sa paggawa ng reserbasyon, pakibanggit na "Nais kong magpareserba para sa pagsusuri ng ●● cancer sa siyudad ng Kawasaki."

3. Sa araw ng pagsusuri

Dalhin ang sariling Health Insurance Card o iba pang dokumentong maaaring magpatunay sa sariling edad, tirahan, at gawin ang pagsusuri sa pagamutan.

Pangalan ng pagsusuri	Mga nasasakop	Bilang ng pagsusuri	Nilalaman	Singil o gastos
● Lung cancer		Isang beses sa isang taon (gastric region x-ray exam para sa gastric cancer, kapag hindi nagpasuri sa gastroscopy sa nakaraang taon)	Medical interview, x-ray sa dibdib *Ang sputum test ay ginagawa lamang kung kinakailangan	900 yen *Sputum test + 200 yen
● Colorectal cancer	Residente ng siyudad na nasa 40 taong-gulang at higit pa		Medical interview, Immune Fecal Occult Blood Test	700 yen
● Gastric cancer	Residente ng siyudad na nasa 50 taong-gulang at higit pa	Isang beses bawat dalawang taon (kapag hindi nagpasuri sa nakaraang taon)	Medical interview, gastric x-ray exam	2,500 yen
● Uterine cancer	Residente (babae) ng siyudad na nasa 20 taong-gulang at higit pa	Isang beses bawat dalawang taon (kapag hindi nagpasuri sa nakaraang taon)	Medical interview, ocular inspection, pelvic exam, cervical cytology *Ang cytology ng uterine body ay ginagawa lamang kung kinakailangan	1,000 yen *Cytology ng uterine body + 800 yen
● Breast cancer	Residente (babae) ng siyudad na nasa 40 taong-gulang at higit pa		Medical interview, mammography exam	1,000 yen
● Osteoporosis	Residente (babae) ng siyudad na nasa buong edad (full age) na 40, 45, 50, 55, 60, 65, 70 taong-gulang (nasa full age sa araw ng pagsusuri)	Isang beses sa pagsapit ng buong edad (full age)	Medical interview, pagsusukat sa bone mass (ang paraan sa pagsukat ay magkaiba depende sa pagamutan)	Ultrasound method: 600 yen MD, SXA, pQCT methods at iba pa: 700 yen Pagsukat sa lumbar spine sa pamamagitan ng DXA method: 1,100 yen

* Para sa edad, nasasakop ang mga pumapailalim sa target age group sa loob ng taon.

* Sa pagsusuring ginagawa, may kasu na kung saan hindi natuklasan ang cancer kahit na mayroong cancer. Kumunsulta agad sa pagamutan kung may pag-aalala ukol sa anumang sintomas.